

## Toolkit ng Unang Tagatugon sa Earthquake Warning California

Ang [California Governor's Office of Emergency Services \(Cal OES\)](#) ay nag-aanyaya sa mga taga-California at mga bisita na makisali sa kampanya ng maagang babala ng pagkakaalam sa lindol sa Earthquake Warning California na "Don't Get Caught Off Guard".

Ang mga lindol ay maaari at mangyayari sa buong California. Ang Earthquake Warning California ay nagbibigay ng libreng mga tools — ang MyShake App, Android Earthquake Alerts, at Wireless Emergency Alerts (WEA) — upang suportuhin ang umiiral na mga mapagkukunan at bigyan ang mga gumagamit ng ilang ekstrang mga sandali na magtago at babalaan ang iba bago ang lindol. Intindihin kung paano kilalanin ang mga alerto at kung ano ang gagawin kapag nakatatanggap ng kritikal na babala.

Ang Cal OES ay naghihimok sa mga organisasyon ng kaligtasan sa publiko at sa unang mga tagatugon upang tulungang ikalat ang salita tungkol sa kahalagahan ng pagiging handa sa lindol, intindihin ang mga kakayanan ng mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California, at alamin kung ano ang gagawin kapag wala na ang babala ng lindol.

Upang makatanggap ng buwanang mga pag-update sa mga balita ng paghahanda sa lindol, mga pangyayari, teknolohiya, at ibang mga mapagkukunan, mag-sign up sa aming newsletter sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).

Ang sumusunod na impormasyon ay maaaring isasaayos at ibabahagi sa mga kaibigan, pamilya, at iba pa sa pamamagitan ng mga newsletter, mga post sa social media, at mga blasts sa email. Para sa katanungan mag-email sa [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).

### **Wika sa Newsletter**

*Ibahagi ang text sa ibaba sa pamamagitan ng email, mga newsletter, o sa ibang mga channel. Gawing pang-personal kung kinakailangan.*

**Alam Mo Ba?** Karamihan sa mga taga-California ay nagsabi na sila ay lubos o parang may kaalaman tungkol sa mga hakbang na kanilang magagawa upang maghanda sa natural na sakuna tulad ng lindol, ngunit ang 60% ay nananatiling lubos na nag-alala tungkol sa potensyal na resulta ng sakuna sa kanilang sambahayan. Upang siguraduhin na ang lahat ng mga taga-California ay handang-handa, ang California Office of Emergency Services (Cal OES) ay naglunsad kamakailan ng kampanya na

“Don't Get Caught Off Guard” upang itataguyod ang kaalaman ng mga mapagkukunan ng babala ng kritikal na lindol na makukuhang walang bayad sa pamamagitan ng [Earthquake Warning California](#).

Ang kampanya ng Earthquake Warning California na “Don't Get Caught Off Guard” ay isang buong estado na pagsisikap na edukasyon upang matulungan ang publiko na matuto tungkol sa mga tool ng babala at mga mapagkukunan ng lindol. Ang Cal OES, sa pakikipagtulungan ng California Integrated Seismic Network Partners mula sa United States Geological Survey (USGS), University of California – Berkeley (UCB), California Institute of Technology (CalTech), at California Geological Survey (CGS) ay naglunsad ng pinakauna sa bansa na State Earthquake Early Warning System noong Oktubre ng 2019. Ang sistema ay gumagamit ng mga sensor sa paggalaw ng lupa at mga sensor sa mga smartphone upang matiktikan ang lindol bago ito maramdaman ng mga tao at mag-iisyu ng mensaheng ShakeAlert® sa totoong oras upang sila ay makapagtago bago mangyayari ang pagyanig. Ang babala ng lindol ay magbibigay ng karagdagang mga segundo sa pagliligtas ng buhay sa mga tao na Dumapa, Magtago, at Mag-antabay.

Ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California ay kabilang ang:

- Ang impormasyon tungkol sa pagbuo ng plano sa emerhensya
- Kung paano mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya bago, sa panahon at matapos ang lindol
- Ang Android Earthquake Alerts ay nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at USGS
- Ang MyShake App -- ay isang app ng smartphone na nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at UC Berkeley na makapagbigay sa mga user ng ilang mga segundo ng notipikasyon na ang pagyayanig ay halos mangyayari na
- Ang Wireless Emergency Alerts (WEA) -- ay libreng mga notipikasyon na inihatid sa mga cell phone sa mga sitwasyon ng emerhensya
- Impormasyon para sa unang mga tumutugon na magplano para sa mga kilos na pagliligtas ng buhay sa panahon ng alerto, tulad ng pagbubukas sa mga pinto sa himpilan ng bumbero bago ang lindol, pagpapahina sa pag-andar ng kagamitan, o paglalagay sa mga elevator sa emerhensyang paghinto
- Ang mga link ng California Integrated Seismic Network Partners para sa karagdagang impormasyong teknikal at sistema

Kapag ikaw ay nakakatanggap ng babala o nakakaramdam ng pagyayanig, dapat kang gumawa ng mga kilos ng pagprotekta (dumapa sa lupa, takpan ang iyong ulo ng iyong mga braso, at humawak sa iyong leeg gamit ang dalawang mga kamay) hanggang sa tumigil ang pagyayanig, iiwasan ang mga daanang pasukan at mga bintana.

Ang mga opisyal sa kaligtasan ng publiko at ang unang mga tagatugon ay makakagawa ng mga hakbang upang mapapanatili ang kanilang mga sarili at ang komunidad na ligtas sa pamamagitan ng pag-download ng MyShake App. o pagpapagana ng Android Earthquake Alerts o WEAs, upang makatanggap ng notipikasyon kapag nasubaybayan ng mga sensor ang makabuluhang seismic na aktibidad. Dapat siguraduhin ng mga indibidwal na sila ay pamilyar kung paano tatanggapin ang mga babala at tumugon sa mga ito. Ang lokasyon ng mga serbisyo ay dapat "laging nandiyan" para sa teknolohiya na makakonekta sa malalapit na mga sensor ng lupa.

Dapat talakayin ng mga opisyal sa kaligtasan ng publiko at unang mga tagatugon ang mga senaryo kasama ang mga kawani at kasamahan upang matutukoy kung paano pagsasamahing mabuti ang mga babala ng lindol sa umiiral na mga plano sa pagtugon ng emerhensya. Para sa unang mga tagatugon, ito ay maaaring maglakip ng mga hakbang tulad ng pagbubukas sa mga pintuan ng sunog upang siguraduhin na ang mga truck ay makalabas kapag ang pagyayanig ay tumigil o ligtas na pagpapahina at paghila sa sasakyan ng pulisya. Dapat tukuyin din ng mga organisasyon sa kaligtasan ng publiko kung ang awtomatikong mga pag-andar ay maaaring mapatupad upang tumugon sa mga babala ng lindol. Sa pamamagitan ng pagiging handa nang maaga, inaasahan ng California na mababawasan ang nakawawasak na resulta ng mga lindol at panatilihing ligtas ang mga taga-California at mga bisita.

Upang malaman kung aling mga mapagkukunan ang iyong makukuha at kung paano magbigay ng reaksyon, bisitahin ang [www.earthquake.ca.gov](http://www.earthquake.ca.gov). Doon, maaari ka rin mag-sign up para sa aming buwanang e-newsletter na may pinakahuling mga balita at impormasyon tungkol sa sistema ng babala ng lindol sa California.

### **Social Media (Mga Graphics)**

*Ang sumusunod ay maaaring isasaayos at gamitin sa personal na mga pahina ng social media o ng mga organisasyon upang tulungang ikakalat ang pagkakaalam tungkol sa Earthquake Warning California. Ang mga Hashtags (#) ay tumutulong sa iba na naghahanap ng impormasyon upang tingnan ang mga post na nagte-trending, habang ginagamit ang simbolo na tag na @ ang ibang mga organisasyon ay (gumamit ng @Cal\_OES para sa Twitter at @CaliforniaOES para sa Facebook).*

- Ang California ay isang lugar na mataas ang panganib sa mga lindol. Ang #MyShake App, #AndroidAlerts, at #WEA ay tatlong mga paraan upang makatanggap ng mga sandali ng babala bago ang lindol kaya ikaw ay mananatiling ligtas. Bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov)

- Ang pagkakahanda sa lindol ay isang pagkabahala ng buong komunidad. Ang kakulangan sa pagpapalano para sa emerhensya ay maglalagay din ng panganib sa kaligtasan ng mga manggagawa sa publiko kapag nagtangkang sumagip. Matuto kung paano ang bawat miyembro ng komunidad ay maging #EarthquakeWarningCA sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).
- Ang aming himpilan ng bumbero ay nagpapalano na maging isang hakbang na pasulong sa lindol kasama ang #Earthquake WarningCA. Ang mga babala ng lindol ay nagbibigay ng ilang ekstrang mga sandali para sa amin upang magbukas ng mga pinto sa garahe, nagpapahintulot sa amin na makapagbigay kaagad ng unang mga tagatugon. Alamin ang higit pa sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).
- Ang unang mga tagatugon ay umaasa sa komunidad na tulungan ang pagbawi pagkatatapos ng lindol. Ang mga babala ng lindol ay makukuha na walang bayad at magbibigay ng ilang ekstrang mga sandali upang makapagtago. Bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov)
- Ang #EarthquakeWarningCA ay makapagpigil ng mga pinsala at pagkakamatay sa panahon ng lindol. Bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) upang alamin kung paano makakatanggap ng libreng mga babala sa lindol.
- Listahan ng Paghahanda sa #Earthquake:
  1. Bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) 🖥️
  2. Alamin ang tungkol sa mga babala ng lindol mula sa #MyShake App, #AndroidAlerts, at #WEA
  3. Siguraduhin na ang mga babala ng emerhensya ay pinagana sa iyong mga telepono 📱
  4. Idagdag ang mga babala ng lindol sa iyong plano ng emerhensya
  5. Ikalat ang balita! 📣

### **E-Blast na Wika**

*Ang sumusunod ay maaaring kopyahin/i-paste sa email upang makatutulong na bigyang alam ang iba tungkol sa Earthquake Warning California.*

Handa ka ba sa lindol?

Maaaring mangyari ang mga lindol saanman at sa anumang oras. Upang matulungang ligtas ang mga indibidwal at mga pamilya sa panahon ng lindol, ang California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ay naglunsad kamakailan ng kampanyang edukasyon sa publiko upang tulungan madagdagan ang kaalaman sa [Earthquake Warning California](#). Ang pagsisikap sa edukasyon ay kabilang ang pag-aabot sa kabuuang publiko na tulungang mabibigyan sila ng kaalaman tungkol sa teknolohiya na makatutulong sa kanila na mananatiling ligtas at mapapagaan ang panganib sa isang paglindol.

Ang kampanya ng Earthquake Warning California na “Don't Get Caught Off Guard” ay isang buong estado na pagsisikap na edukasyon upang matulungan ang publiko na matuto tungkol sa mga tool ng alerto at mga mapagkukunan ng lindol. Ang Cal OES, sa pakikipagtulungan ng California Integrated Seismic Network Partners mula United States Geological Survey (USGS), University of California – Berkeley (UCB), California Institute of Technology (CalTech), at California Geological Survey (CGS) ay naglunsad ng pinakauna sa bansa na State Earthquake Early Warning System noong Oktubre 2019. Ang sistema ay gumagamit ng mga sensor sa paggalaw ng lupa at mga sensor sa mga smartphone upang masubaybayan ang lindol bago ito maramdaman ng mga tao at mag-iisyu ng mensaheng ShakeAlert® sa totoong oras upang sila ay makapagtago bago mangyari ang pagayanig. Ang babala ng lindol ay magbibigay ng karagdagang mga segundo sa pagliligtas ng buhay sa mga tao na Dumapa, Magtago, at Mag-antabay.

Ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California ay kabilang ang:

- Ang impormasyon tungkol sa pagbuo ng plano sa emerhensya
- Kung paano mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya bago, sa panahon at matapos ang lindol
- Ang Android earthquake alerts ay nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at USGS
- Ang MyShake App -- ay isang app ng smartphone na nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at UC Berkeley na makapagbigay sa mga user ng ilang mga segundo ng notipikasyon na ang pagyayanig ay halos mangyayari na
- Ang Wireless Emergency Alerts (WEA) -- ay libreng mga notipikasyon na inihatid sa mga cell phone sa mga sitwasyon ng emerhensya
- Ang impormasyon para sa unang mga tagatugon upang planuhin ang mga kilos sa pagliligtas ng buhay sa panahon ng alerto, tulad ng ligtas na pagpapahina sa mga sistema ng mass transit, pagpababa sa pag-andar ng kagamitan, o ilalagay ang mga elevator sa emerhensyang paghinto
- Ang mga link ng California Integrated Seismic Network Partners para sa karagdagang impormasyong teknikal at sistema

Hinikayat namin ang lahat na kaligtasan ng publiko at ng mga kawani na unang tagatugon upang suriin ang mga mapagkukunan sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) upang tulungan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya na ligtas.

Pagsasamahin namin ang mga babala ng lindol sa aming mga pagsisikap na pagpapalano sa emerhensya ng lindol, kabilang ang mga pagsasanay sa sakuna at mga pagpapakita ng komunidad. Hinikayat namin ang mga kawani na isaalang-alang kung ano ang mga hakbang na gagawin kaagad upang mababawasan ang mga sakuna at tutulungan kami na makapagbigay kaagad ng tulong kapag tumigil na ang pagyanig. Ito ay kabilang ang mga kilos tulad ng pagbubukas sa mga pinto ng bay

para sa mga departamento ng bumbero, paghihila at pagtatakda ng preno sa pagparada ng mga sasakyan ng pulisya, o pagtatawag ng iba na nasa malalapit upang magtago.

Maaari ka rin mag-sign up upang makatatanggap ng buwanang mga e-newsletter na may pinakahuling mga balita at impormasyon tungkol sa mga babala ng lindol, bagong mga materyales, virtual na mga pagpapakita, mga post sa social media, at ibang mga mapagkukunan sa website ng Cal OES'. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) o mag-email sa [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).